# SINGLE POINTS OF FAILURE

*Posted on 23.03.2023 by Adam Parnell*

**Categories:** General Maritime, Maritime

**Edition**MFB 70

## Editorial

Pagbati mula sa Spring Edition ng FEEDBACK, ang aming libreng newsletter sa kaligtasan para sa global maritime community.   Ikinagagalak naming iulat na kami ngayon ay naglalathala na sa Arabic kasabay ng pitong iba pang umiiral na wika.   Ang lahat ng mga ito ay matatagpuan sa aming website o sa aming mobile app, na maaari ninyong mai-download gamit ang mga QR Codes na naka-print sa likuran ng newsletter na ito.

Mapapansin ng mga mambabasa na ang lahat ng mga ulat sa edisyong ito ay mayroong isang karaniwang tema: ang ‘single points of [safety] failure’.   Maging ito man ay isang piloto na nagsasagawa ng pang-gabing paglalayag na walang katulong, lubid na kung saan ang bawat fender sa gilid ng barko ay naka-secure, o ang nag-iisang ligtas na daanan patungong forecastle na naharangan ng timber cargo na nakaimbak sa deck, ang pagkilala at pagtugon sa potensyal na ‘single points of failure’ ay malaki ang mababawas na panganib na magkaroon ng insidente.

Gaya ng dati, naglalathala ang CHIRP ng mga ganitong ulat upang magbigay kamalayan sa safety learning na dulot ng ganitong mga insidente, at kung posible, palagi naming sinusubukang bigyang diin ang mga simple at praktikal na safety measure na maaaring ipatupad sa pang araw-araw na gawain.  Sa edisyong ito, hinihikayat namin kayo na isagawa ang PACE (Probe, Alert, Challenge, Emergency) system, na nakapagpapabuti sa pagde-desisyon ng grupo.   Maaari din ninyong basahin  ang mas buong deskripsyon sa aming publikasyon na pinamagatang ‘Making Critical Decisions at Sea’ (na matatagpuan sa aming webside sa ilalim ng ‘Resources’ tab).   Ipaalam ninyo sa amin kung ano ang tingin ninyo sa sistemang ito – ikinalulugod naming mabalitaan na ito ay nakakatulong sa iyo at sa inyong team sa barko.   Nais naming makatanggap ng mga incident at near-miss reports na makakatulong din naman sa iba na matuto mula sa mga karanasan ninyo.

Hanggang sa susunod na edisyon – manatiling ligtas!